DEPARTMENT OF CHILDREN, YOUTH, AND FAMILIES

Kasunduan sa Pagkakalagay

Placement Agreement

(MGA) BATA / KABATAAN NA INILAGAY	PETSA NG KAPANGANAKAN

Ay/mga inilagay sa:

Mahalagang mga kasangga ang mga tagapag-alaga sa Departamento ng mga Bata, Kabataan, at Pamilya (DCYF) at ang pamilya ng bata sa pagkamit ng ligtas, kalidad na pagkakalagay para sa mga bata / kabataan na nangangailangan ng pag-aalaga sa labas-ng-tahanan. Pinakamahusay na ibinibigay ang kagalingan ng mga bata / kabataan sa pag-aalaga sa labas-ng-tahanan sa pamamagitan ng bukas na komunikasyon at positibong relasyon sa trabaho sa pagitan ng tagapag-alaga, mga magulang at DCYF.

Nagbibigay ang Kasunduan sa Pagkakalagay na ito ng kinakailangan at mahalagang impormasyon upang matiyak ang kaligtasan at kagalingan ng bata na inilagay sa iyong tahanan. Kumpidensyal ang impormasyon tungkol sa mga bata / kabataan o sa kanilang mga pamilya at dapat lamang maibahagi sa mga taong direktang kasangkot sa plano ng kaso. Konsultahin ang iyong nakatalagang Trabahador ng Kaso para sa tulong tungkol sa pagbabahagi ng impormasyon sa iba. Tutulong sa iyo ang kasunduang ito sa pag-unawa ng iyong tungkulin sa pagtulong na matugunan ang mga pangangailangan ng bata, pakikipagtrabaho kasama ang DCYF, ang nakatalagang manggagawa, at ang Korte. Tinutukoy din nito ang mga mapagkukunan at suporta na magagamit mo habang nagbibigay ng pag-aalaga sa mga bata / kabataan sa iyong tahanan.

Mahalagang Impormasyon ng Pakikipag-ugnayan

Ang iyong nakatalagang Trabahador ng Kaso _____ ay magagamit sa panahon ng regular na oras ng negosyo sa _____ upang tumulong sa mga katanungan tungkol sa bata.

- Tawagan ang **1-866-END HARM** pagkatapos ng regular na oras ng negosyo upang iulat ang pinaghihinalaang abuso o pagpapabaya ng bata. Ikokonekta ka rin ng numero na ito sa DCYF emergency pagkatapos ng mga oras ng kawani.
- Magbibigay ang Linya ng Suporta sa Di-magulang na Nag-aalaga ng bata at Tagapag-alaga sa **1-800-301-1868** ng suporta sa pamamahala ng mga mahirap na sitwasyon sa pangangalaga ng bata pagkatapos ng oras.

Upang mapabuti ang kagalingan ng mga bata / kabataan sa pag-aalaga sa labas-ng-bahay, mahalaga na magtrabaho kasama ang DCYF at sundin ang mga pagtutukoy ng utos ng hukuman, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod:

Inisyal na Paglalagay (ang unang paglalagay sa labas ng tahanan):

1. Tiyaking natatanggap ng bata sa loob ng unang 30 araw ng pagkakalagay:
   - Ang Inisyal na Pag-screen ng Kalusugan sa lalong madaling panahon, ngunit hindi lalampas sa limang araw pagkatapos ng pagkakalagay.
   - Ang eksaminasyon sa Magaling-na-Bata ay tinatawag na Maagang Pana-panahon na Dyagnosis na Pag-screen at Paggamot (Early Periodic Screening Diagnosis and Treatment, EPSDT), sa loob ng unang 30 araw ng paunang pagkakalagay ng bata, kung hindi pa nakumpleto. (Ang inisyal ng Pag-screen ng Kalusugan at ang EPSDT na pagsusulit ay maaring maiskedyul nang sabay; makipag-ugnay sa medical provider ng bata para sa karagdagang impormasyon.
   - Pag-eksamen sa ngipin kung may isang ngipin ang bata. Hindi kailangan ang pag-eksamen kung tumanggap ang bata ng pag-eksamen sa ngipin sa nakalipas na 6 na buwan.
2. Gayundin sa unang 30 araw ng paglalagay makikipag-ugnay sa'yo ang Pagsubaybay sa Kalusugan at Pag-aaral ng bata (Child Health and Education Tracking, CHET) na Taga-screen upang magtalaga ng appointment ukol sa medikal, pag-unlad, at pang-asal na mga pangangailangan ng bata. Mangyaring tiyakin na pareho kayong magagamit sa nakaiskedyul na petsa.

Mga Tagapag-alaga:

1. Makipag-ugnay sa iyong nakatalagang Trabahador ng Kaso para sa isang Butser para sa Pansamantalang Parmasya at mga Serbisyong Medikal para sa Mga Bata na inaalagaan ng Di-magulang kung hindi natanggap ang card ng ProviderOne.
2. Kung nagresulta ang pagkakalagay sa bata na iiwan ang dating paaralan, agad na ipalista ang bata sa kanilang bagong paaralan. Isama ang nakatalagang Trabahador ng Kaso bilang isa sa mga kontak ng bata. Ipagbigay-alam sa nakatalagang Trabahador ng Kaso kung may mga problema sa pagpapatala ng bata sa paaralan.
3. Makilahok sa pagbuo ng plano ng pagbisita para sa bata / kabataan na may mga magulang, kapatid, at/o mga miyembro ng pamilya, maliban kung tinutukoy ng utos ng korte na walang pakikipag-ugnayan. Gawing magagamit ang bata / kabataan sa mga naka-iskedyul na pagbisita.
4. Ipagbigay-alam sa nakatalagang Trabahador ng Kaso ang anumang di-planong pakikipag-ugnayan ng magulang / anak / kabataan, tulad ng mga tawag sa telepono, hindi inaasahang pagbisita, atbp.
5. Makilahok sa sama-samang mga pulong sa pagpaplano. Ang sama-samang pulong ng pagpaplano ay pagkakataon na mag-alok ng input at pananaw tungkol sa kaligtasan, pagiging permanente at kagalingan ng bata.
6. Payuhan ang nakatalagang Trabahador ng Kaso sa anumang mga alalahanin tungkol sa bata / kabataan, tulad ng pang-aabuso, kapabayaan, medikal, pang-asal, pag-unlad, o pang-edukasyon na mga isyu.
7. Talakayin kasama ang nakatalagang Trabahador ng Kaso, at ipatupad ang naaangkop na mga diskarte sa disiplina o mga pagpipilian na angkop sa bata / kabataan na inilagay sa iyong pangangalaga. Hindi pinahihintulutan ang pagpaparusa sa katawan.
8. Sumunod sa anumang mga tagubilin mula sa nakatalagang Trabahador ng Kaso ng bata/kabataan upang tuparin ang mga kinakailangan ng Batas sa Kagalingan ng Indiyanong Bata (Indian Child Welfare Act), kung naaangkop at iba pang mga pangangailangan sa kultura ng bata/kabataan.
9. Tiyaking natatanggap ng bata ang patuloy na mga serbisyong medikal, dental, at mental na kalusugan kabilang ang naaangkop na eksaminasyong EPSDT ayon sa pederal na inirerekumendang iskedyul ng mga eksaminasyon: (5 mga pagsusulit sa unang taon ng buhay, 3 pagsusulit sa pagitan ng 12 buwan at 2 taong gulang, taunang pagsusulit sa pagitan ng 3 at 20 taong gulang).
10. Makipag-ugnayan sa Linya ng Serbisyo ng Customer sa Medicaid sa 1-800-562-3022 ext. 15480, Lunes hanggang Biyernes, 7:30 AM hanggang 5:00 PM (Oras ng Pasipiko) kung kailangan mo ng tulong sa paghahanap ng medical/dental provider o bisitahin ang ProviderOne na website sa http://hrsa.dshs.wa.gov/providerone/providers.htm.
11. Maaaring bayaran ang mga gastos sa buwanang paglalakbay sa medikal/dental na mga appointment ng bata. Maaaring ma-download ang Form ng Buwanang Paglalakbay ng Tagapag-alaga sa http://www.dshs.wa.gov/ca/fosterparents/forms-policies.asp.
12. Ibigay provider ng kalusugan ang ProviderOne Card ng bata kapag kumukuha ng pangangalagang medikal.
13. Gamitin ang medikal na log upang idokumento ang mga appointment sa pangangalagang medikal/dental, pakikipag-ugnayan, at mga resulta/rekomendasyon ng mga appointment.

Upang higit pang masiguro ang kaligtasan at kagalingan ng bata/kabataan, sumasang-ayon din ang tagapag-alaga na makipagtulungan sa DCYF sa sumusunod na mga paraan:

1. Kumpletuhin ang Pagsiyasat sa Kasaysayang Kriminal at pagsiyasat sa pag-abuso at pagpapabaya ng bata sa lahat ng taong 16 na taon o higit pa na maaaring may di-napapamahalaang akses sa bata;
2. Ipagbigay-alam sa nakatalagang Trabahador ng Kaso ang anumang mga pagbabago sa mga taong naninirahan sa bahay, at pagkumpleto ng Pagsisiyasat sa Istorya ng Kasaysayang Kriminal at pagsiyasat sa pag-abuso at pagpapabaya sa bata kung nakakatugon ang taong iyon sa pamantayan na nakalista sa itaas sa # 1;
3. Ipaalam sa nakatalagang Trabahador ng Kaso ang anumang mga isyu na maaaring makaapekto sa iyong kakayahang pangalagaan ang bata/kabataan. Kabilang dito ang pagtatrabahao sa pakikipagtulungan sa nakatalagang Trabahador ng Kaso na magplano para sa bagong pagkakalagay kung matukoy mo na hindi maaaring manatili sa iyong tahanan ang bata/kabataan; at
4. Kung humiling ka na alisin ang isang bata mula sa iyong tahanan, magbigay ng pinakamababa na 14 araw na abiso sa nakatalagang Trabaho ng Kaso ng bata/ kabataan, maliban kung may emerhensiya upang matiyak na maaaring mangyari ang naaangkop na pagpaplano.
5. Dapat kumpletuhin ng lahat ng tagapag-alaga ang pagsiyasat sa tatak ng daliri. Para sa mga magkamag-anak na tagapag-alaga o angkop na mga tao na nakumpleto ang pagsisiyasat ng NCIC o BCCU bago ang paglalagay ng nabanggit na bata/kabataan sa itaas, ang mga pagsisiyasat sa tatak ng daliri **ay dapat makumpleto at ibalik sa nakatalagang Trabahador ng Kaso sa loob ng 10 araw mula sa pagsisiyasat ng NCIC o BCCU.**
6. Ibalik lahat ng hiniling na impormasyon nang mabilis hangga't maaari.
7. Para sa mga bata na kapapanganak hanggang sa isang taon, sumasang-ayon ako na sundin ang mga Gabay sa Ligtas na Pagtulog ng Sanggol.

Ang DCYF ay:

1. Magbigay sa iyo ng kilala at magagamit na impormasyon ukol sa medikal, pang-edukasyon, sikolohikal at pang-asal na pangangailangan ng bata/kabataan.
2. Bumuo ng Planong Suporta sa Pag-aalaga (DCYF 10-428) kasama ang mga tagapag-alaga ng mga batang medikal na mahina.
3. Tiyakin na makatanggap ka ng napapanahong paunawa ng mga pagdinig sa hukuman, sama-samang mga kapulungan ng pagpaplano, atbp.
4. Magbigay sa'yo ng impormasyon sa:
   a. Paglilisensya ng Di-magulang na Pag-aalaga ng Bata at impormasyon ng pakikipag-ugnayan
   b. Mga pagkakataon sa pagsasanay
   c. Mga Benepisyong Pananalapi ng TANF
   d. Pagsaklaw ng Medical/Medicaid
   e. Iba pang magagamit na mga serbisyo
5. Kumpletuhin ang Pag-aaral ng Pamilya sa Tahanan

Dahil nasa pag-iingat ng DCYF ang bata/kabataan, maaaring alisin ng hukuman ang bata/kabataan kung:

- natukoy na hindi sa pinakamahusay na mga interes ng bata/kabataan ang paglalagay,
- nalabag ang anumang bahagi ng kasunduang ito,
- natukoy na hindi maaaring ipagpatuloy ang emerhensya na paglalagay ng bata/kabataan, o
- hindi naaprubahan para sa pagkakalagay ang tahanan ng kamag-anak o angkop na tao.

Nakatanggap ako ng kopya ng Impormasyon/Referral sa Paglalagay ng Bata (DCYF 15-300). ☐ Oo ☐ Hindi

Tinalakay sa akin ang mga Gabay sa Ligtas na Pagtulog ng Sanggol at nakatanggap ako ng kopya ng form ng Gabay sa Ligtas na Pagtulog ng Sanggol, DCYF 22-1577. ☐ Oo ☐ Hindi ☐ N/A

TAGAPAG-ALAGA	TAGAPAG-ALAGA	NAKATALAGANG TRABAHADOR NG KASO
PETSA	PETSA	PETSA

PAMAMAHAGI: Mapagkukunang Tagapag-alaga ng Pamilya, File ng Bata